

Survey sa Pinagsamang Plano ng Lungsod ng San Diego

Mangyaring kumpletuhin ang survey na ito at ibahagi kung ano ang nasa mga nais mo. Ang Lungsod ng San Diego ay tumatanggap ng milyun-milyong dolyar bawat taon mula sa pederal na pamahalaan upang mamuhunan sa mga komunidad na low- and moderate-income (LMI)* o mababa at katamtaman ang kita. Ang pinagsamang plano ay ginagawa kada limang taon at tumutulong sa Lungsod na matukoy ang mga pangangailangan ng komunidad. Ang proseso ng pagpapalano upang gawin ang Pinagsamang Plano ay nagsisilbing balangkas para sa isang malawak na talakayan sa komunidad upang matukoy ang mga prayoridad sa pagpapaunlad ng pabahay, ekonomiya, at komunidad. Hindi ipapaalam ang iyong pakikilahok.

Magtatapos ang survey sa Agosto 31, 2018.

** Ang Mababa- at katamtamang-kita (LMI) ay tumutukoy sa mga Indibidwal at pamilya na may kita na mababa sa 30%, 50%, at 80% sa katamtamang kita.*

1. Mangyaring ipahiwatig ang lugar sa pagpapalano ng komunidad kung saan ka nakatira
 - Barrio Logan - Promise Zone
 - Black Mountain Ranch
 - Carmel Mountain Ranch
 - Carmel Valley
 - Encanto - Promise Zone
 - City Heights
 - Clairemont Mesa
 - College Area
 - Del Mar Mesa
 - Downtown / Centre City
 - East Elliott
 - Eastern Area
 - Fairbanks Ranch Country Club
 - Golden Hill
 - Kearny Mesa

- Kensington-Talmadge
- La Jolla
- Linda Vista
- Midway Pacific Hwy Corridor
- Miramar Ranch North
- Mira Mesa
- Mission Beach
- Mission Valley
- Navajo
- Normal Heights
- North Park
- Ocean Beach
- Old Town San Diego
- Otay Mesa
- Otay Mesa-Nestor
- Pacific Beach
- Pacific Highlands Ranch
- Peninsula
- Rancho Bernardo
- Rancho Encantada
- Rancho Peñasquitos
- Sabre Springs
- San Pasqual Valley
- San Ysidro
- Scripps Ranch
- Serra Mesa
- Skyline Paradise Hills
- Southeastern San Diego - Promise Zone
- Tierrasanta

- Tijuana River Valley
- Torrey Highlands
- Torrey Hills
- Torrey Pines
- University
- Uptown
- Via de la Valle

2. Mangyaring ipahiwatig ang iyong katayuan sa trabaho

- a. Full Time na Empleyado
- b. Part time na Empleyado
- c. Walang trabaho - tumatanggap ng mga benepisyo sa kawalan ng trabaho
- d. Walang trabaho - hindi tumatanggap ng mga benepisyo sa kawala ng trabaho
- e. Maybahay
- f. Estudyante
- g. May sariling hanapbuhay
- h. Retirado
- i. Iba pa: ____

3. Mangyaring ipahiwatig ang iyong pangunahing pinagkukunan ng kita

- a. Sahod/ suweldo mula sa trabaho
- b. Sariling hanapbuhay (may-ari ng negosyo o independiyenteng kontratista)
- c. Kapansanan
- d. Tulong na Pera
- e. Iba pa : ____

4. Batay sa komunidad kung saan ka nakatira, mangyaring piliin ang pinakamahalagang pangangailangan ng komunidad (pumili ng isa)
 - a. Mga Pangangailangan sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya (maliit na tulong sa negosyo)
 - b. Mga Pangangailangan sa Pampublikong Pasilidad at Imprastraktura (halimbawa: mga bangketa, ilaw sa kalsada, at aklatan)
 - c. Mga Pangangailangan sa Pabahay (abot-kayang pabahay)
 - d. Mga Pangangailangan sa Kawalan ng Tirahan
 - e. Mga Pangangailangan sa Pagpapaunlad ng Komunidad at Pampublikong Serbisyo (pagpapaunlad ng manggagawa at rehabilitasyon ng nonprofit na gusali)

Pagpapaunlad ng Ekonomiya

Ang pamumuhunan sa pagpapaunlad ng ekonomiya ay nagpapalakas ng mga komunidad at nagtataguyod ng pagkakataong pang-ekonomiya sa mga residente. Ang mga pondong CDBG ay maaaring sumaklaw sa iba't ibang uri ng mga aktibidad sa pagpapaunlad ng ekonomiya kabilang ang mga tumutulong sa mga bagong umpisang negosyo, mga pautang para sa mga negosyo, mga aktibidad para tumulong sa microenterprise (negosyo na may 5 o mas kaunting empleyado), at paglikha ng trabaho; sa huli ay nagbibigay ng kita sa mga residente.

Sa nakaraang 2015-2019 Pinagsamang Plano ng Lungsod, ang layunin ng Pagpapaunlad ng Ekonomiya ay nakalista bilang: *Palakasin ang katatagan ng ekonomiya at kaunlaran ng Lungsod sa pamamagitan ng pagpaparami ng mga pagkakataon para sa pagiging handa sa trabaho at pamumuhunan sa programa sa pagpapaunlad ng ekonomiya.*

Batay sa komunidad kung saan ka nakatira, mangyaring i-rank ang nangungunang tatlo (3) sa pinakakritikal na pangangailangan sa pag-unlad ng ekonomiya.

- a. Ang mga programa ng Microenterprise (tumutulong sa mga residente na low- and moderate-income (LMI) na maglunsad ng mga bagong microbusiness - mga negosyo na may 5 empleyado o mas mababa - o palawakin ang mga umiiral na, halimbawa, sa pamamagitan ng tulong teknikal)
- b. One-on-one pagpapayo sa negosyo/ pagsasanay para sa mga maliliit na negosyante

- c. Maliit na business incubator para sa LMI na mga komunidad (mga organisasyon na nagtataguyod ng paglago at tagumpay ng mga startup at bagong simulang kumpanya)
- d. Mababang interes na pautang bilang kapital para sa mga maliliit na negosyo at/o mga microenterprise
- e. Mga grant para sa maliliit na negosyo
- f. Mga programa sa pagpapabuti ng harapan ng tindahan
- g. Paglikha ng trabaho
- h. Iba pa:_____

Mga Pampublikong Pasilidad at Imprastraktura

Ang pamumuhunan sa mga pampublikong pasilidad at imprastraktura ay may layong makapagbigay benepisyo sa mga residente na LMI dahil mas painapadali nito ang pagpunta sa mga kapitbahayan na LMI. Maaaring kabilang sa mga pagpapabuti sa pampublikong pasilidad ang mga pasilidad na pagmamay-ari ng Lungsod tulad ng mga sentro ng libangan, sentro ng komunidad, aklatan, parke, ilaw sa kalsada, at pagpapabuti sa bangketa.

Sa nakaraang 2015-2019 na Pinagsamang Plano ng Lungsod, ang layunin ng Publikong Pasilidad at Imprastraktura ay nakalista bilang: *Palakasin ang mga kapitbahayan sa pamamagitan ng pamumuhunan sa mga kritikal na pangangailangan sa pampublikong imprastraktura ng Lungsod.*

Batay sa komunidad kung saan ka nakatira, mangyaring i-rank ang nangungunang tatlong (3) kritikal na pangangailangan sa pampublikong pasilidad at imprastraktura.

- a. Madaling mapuntahan ng mga taong may kapansanan
- b. Pagpapalawak ng serbisyo ng klinikang pangkalusugan/medikal
- c. Mga pagpapabuti para madaling mapuntahan at ligtas ang mga sentro ng komunidad
- d. Mga dagdag na enerhiya
- e. Instalasyon ng pailaw sa kalsada/pagdaragdag
- f. Mga pampublikong parke

- g. Mga Aklatan
- h. Mga Bangketa
- i. Libangan at mga sentro ng komunidad
- j. Mga sentro para sa mga matatanda
- k. Mga pagpapabuti sa nonprofit na pasilidad
- l. Pag-alis ng mga peligro sa mga lead-based na pintura
- m. Iba pa: ____

Imprastraktura ng Smart City

Nagsisimula ang Lungsod ng mga bagong inisyatibo patungo sa pagpapanatili, katatagan, at paglago ng ekonomiya. Kabilang dito ang imprastraktura kabilang ang mga ilaw sa kalsada na matipid sa kuryente, mga operasyon ng lungsod upang mas mapadali ang proseso ng pagpapahintulot, at mga alternatibong paraan ng transportasyon na madaling makuha.

BBatay sa komunidad kung saan ka nakatira, aling Mga Inisyatibo ng Smart City ang gusto mong makita sa iyong komunidad

- a. Mga ilaw sa kalsada na matipid sa kuryente
- b. Mga charging station ng mga sasakyang de-kuryente
- c. Broadband internet access para sa komunidad
- d. Mga sensor ng puno
- e. Pag-recycle ng tubig
- f. Pagpapahintulot para sa mga solar panel
- g. Mga ilaw-trapiko na madaling maunawaan para sa mahusay na daloy ng transportasyon
- h. Maraming imprastraktura para sa bisikleta
- i. Iba pa _____

Pabahay

Ang pamumuhunan sa mga programa at serbisyo sa pabahay ay nagpapalaki sa pagkakataon para sa mga sambahayang LMI na umupa o magmay-ari ng ligtas at abot-

kayang pabahay sa kanilang mga komunidad. Ang rehabilitasyon ng mga abot-kayang yunit ng pabahay at pagbibigay ng tulong sa upa ay ilan sa mga halimbawa ng mga aktibidad na ginawa ng Lungsod sa nakaraan.

Sa nakaraang 2015-2019 na Pinagsamang Plano ng Lungsod, ang layunin ng pabahay ay nakalista bilang: *Pabutihin ang mga pagkakataon sa pabahay sa pamamagitan ng paglikha at pagpapanatili ng abot-kayang upa at homeowner na pabahay na malapit sa transit, trabaho at mga serbisyo ng komunidad.*

Batay sa komunidad kung saan ka nakatira, mangyaring i-rank ang nangungunang **tatlong (3)** sa pinakakrtikal na pangangailangan sa pabahay.

- a. Rehabilitasyon ng mga bahay na single family na pag-aari at inookupahan ng pabahay ng LMI
- b. Rehabilitasyon ng mga abot-kayang apartment (multi-family na pabahay)
- c. Konstruksiyon ng mga bagong abot-kayang multifamily yunit na mauupahan
- d. Rehabilitasyon ng mga umiiral na multifamily yunit na mauupahan at tinitiyak na ang mga yunit na ito ay abot-kaya sa mga sambahayan na LMI
- e. Instalasyon ng mga pagpapabuti sa bahay para makatipid sa kuryente at/o tubig para sa mga single-family na bahay na pag-aari at inookupahan ng mga sambahayan na LMI
- a. Mga programa para sa edukasyon ng mga unang beses na bibili ng bahay
- b. Mga programa sa pagpapabuti ng bahay para sa mga matatanda
- c. Paunang bayad/ tulong sa gastos ng pagbili para sa mga unang beses na bibili ng bahay
- d. Mga serbisyo sa Patas na Pabahay (tulong sa mga indibidwal na nakakaranas ng diskriminasyon batay sa lahi, kulay, relihiyon, bansang pinagmulan, kasarian, katayuan sa pamilya, kapansanan)
- e. Pabahay para sa mga indibidwal at pamilya na may HIV/AIDS
- f. Iba pa: ____

Kawalan ng tirahan

Ang pamumuhunan sa mga serbisyong panlipunan at sa suporta para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan o krisis sa pabahay, pati na rin ang pamumuhunan sa mahaba at maikling termino ng pabahay, ay nagpapababa at pumipigil sa kawalan ng

bahay sa San Diego. Kabilang sa mga halimbawa ng ganitong uri ng pamumuhunan ay ang pagbibigay ng tahanan at serbisyo tulad ng pamamahala ng kaso.

Sa nakaraang 2015-2019 na Pinagsamang Plano ng Lungsod, ang layunin sa Kawalan ng Tirahan ay nakalista bilang: *Tulongan ang mga indibidwal at pamilya na maging estabilisado sa permanenteng pabahay pagkatapos makaranas ng krisis sa pabahay o kawalan ng tirahan sa pamamagitan ng pagbibigay ng pabahay na angkop sa kliyente at mga nakakasupportang serbisyo.*

Batay sa komunidad kung saan ka nakatira, mangyaring **i-rank ang nangungunang lima (5)** sa pinakakritikal na pangangailangan sa Kawalan ng Tirahan.

- a. Pagkuha ng mga pasilidad upang magbigay serbisyo sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan
- b. Rehabilitasyon o pagpapalawak ng mga pasilidad upang magbigay ng serbisyo sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan
- c. Emerhensiya/ matutuluyan sa magdamag (maikling termino na pabahay at nakakasupportang serbisyo)
- d. Day center (mga serbisyo na walang matutuluyan nang magdamag)
- e. Outreach (mahabaging pagpapatupad)
- f. Pansamantalang pabahay at pamamahala ng kaso
- g. Mga serbisyo sa manggagawa at trabaho na partikular na nakatuon sa karanasan ng indibidwal sa kawalan ng trabaho
- h. Tulong sa Transportasyon
- i. Sentro sa mga operasyon sa Nabigasyon ng Walang Tirahan (sentralisadong mapagkukunan)
- j. Pinansiyal na tulong/ mabilis na pagbibigay muli ng pabahay (tulong sa maikling pangupangupahan at sa kagamitan)
- k. Pamamahala ng kaso (upang tulongan ang mga indibidwal/pamilya na makakuha ng permanenteng pabahay)
- l. Konstruksiyon ng permanenteng mga yunit na pabahay na pangsuporta
- m. Kaalaman sa pinansiyal
- n. Mga pasilidad ng imbakan/ mga locker

- o. Mga serbisyo para makahanap ng tirahan (ikinukunekta ang mga taong nakakaranas ng kawalan ng bahay sa mga kaayusan sa pabahay, pinansiyal na tulong, atbp. upang maiwasan ang pagpasok sa kanlungan)
- p. Mga serbisyo para makaiwas sa kawalan ng tirahan
- q. Mga Pampublikong Benepisyo
- r. Kanlungan para sa mga nakatakas mula sa karahasan sa tahanan
- s. Mga programa tungkol sa pag-aabuso ng substansiya
- t. Mga serbisyo para sa HIV/AIDS
- u. Mga serbisyo para sa mental na kalusugan
- v. Pakikipagkasundo sa may-ari ng bahay at pondo para sa di-inaasahang pangyayari
- w. Iba pa: ____

Pagpapaunlad ng Komunidad at Mga Pampublikong Serbisyo

Ang pamumuhunan sa mga serbisyo at pasilidad ng komunidad na nagsisilbi sa mga mahihinang populasyon ay lumilikha ng mga bagong pagkakataon para sa mga residenteng ito Kabilang sa mga halimbawa ang mga programa sa pagsasanay sa trabaho at mga serbisyo sa pagkain para sa mga kabataan, matatanda, mga taong may kapansanan at iba pang mga grupo na karapat-dapat.

Sa nakaraang 2015-2019 na Pinagsamang Plano ng Lungsod, ang layunin ng Pagpapaunlad ng Komunidad at Mga Pampublikong Serbisyo ay nakalista bilang: *Mamuhunan sa mga serbisyo sa komunidad at mga pasilidad na hindi pang-negosyo na may lubos na epekto sa pamamagitan ng pagbibigay ng bago o mas maraming access sa mga programa na naglilingkod sa mga napakamahihinang populasyon tulad ng mga kabataan, matatanda at mga tahananang hindi tiyak na may laging makakain.*

Batay sa komunidad kung saan ka nakatira, mangyaring **i-rank ang nangungunang tatlo (3)** sa pinakakritikal na pangangailangan sa Pagpapaunlad ng Komunidad.

- a. Mga pagpapabuti sa o pagpapalawak ng mga pasilidad na pag-aari at/o pinatatakbo ng mga non-profit na organisasyon na nagseserbisyo sa mga mahihinang populasyon
- b. Mga programa sa pinansiyal na edukasyon
- c. Mga programa sa nutrisyon para sa mga matatanda

- d. Mga programa sa nutrisyon para sa mga indibidwal na may kapansanan
- e. Mga programa sa paghahanda ng kabataan para sa kolehiyo
- f. Mga serbisyo para muling makapasok sa trabaho (para sa mga indibidwal na kakalabas lang mula sa bilangguan)
- g. Mga programa sa pagpapaunlad ng trabaho at ng manggagawa
- h. Pagsasanay para maging handa sa trabaho
- i. Mga programa sa pagpapaunlad ng mga kabataang manggagawa
- j. Iba pang mga serbisyong pangsuporta sa kabataan
- k. Mga programa para sa mga biktima ng karahasan sa tahanan
- l. Mga serbisyong pangsuporta para sa mga taong nabubuhay na may HIV/AIDS
- m. Mga programa para makakuha ng sertipiko para sa trabaho
- n. Iba pa: ____

Salamat sa pagkumpleto ng survey na ito. Mahalaga ang iyong feedback sa pagpapaunlad ng 2020-2024 na Mga Layunin ng Pinagsamang Plano ng Lungsod.

Upang ireport ang isang partikular na problema sa iyong komunidad, pakibisita ang [Get It Done](#) webpage sa website ng Lungsod. Kabilang sa ilang mga isyu na kayang tugunan ng "Get It Done" webpage ang:

- Mga Lubak
- Mga Bangketa
- Walang Tahanan (ireport sa iba pa)
- Mga Ilaw sa kalye
- Mga Panganib sa Puno